



The Falkland Islands Government

Directorate of Policy & Economic Development

TRIP

FALKLAND ISLANDS TOURISM RECOVERY INCENTIVE PROGRAMME

PAANO ISASAGAWA ANG SCHEME?

Pangkalahatang ideya ng scheme

Ang bawat karapat-dapat na nilalalang na may sapat na gulang ay kailangang magparehistro upang makatanggap ng *digital voucher* na may halagang hanggang sa £500, at ang bawat bata ay may *digital voucher* na may halagang £250.

Ang mga *bookings* para sa akomodasyon at karanasang panturismo o *tourism experiences* ay dapat isagawa sa pamamagitan ng pagsangguni sa mga mga ahente ng TRIP, sa International Tours and Travel Ltd (ITT). Ang *voucher* ay magbabayad sa isang daang porsyento (100%) ng gastos mula sa akomodasyon o sa karanasang panturismo, na abot hanggang £400 (para sa *adults*) o £200 (sa mga kabataan).

Ang mga karapat-dapat na ginastos para sa mga pagkain, inumin na walang alcohol, at mga regalo ay ire-reimburse ng ITT sa isang SCB bank account, sa pagpapakita ng mga resibo. Ang *voucher* ay magbabayad para sa singkwenta porsyento (50%) sa mga gastos na ito na aabot hanggang sa £100 (para sa *adults*) o £50 (sa mga kabataan).

Pagpaparehistro para sa scheme

Para makagamit ng scheme na ito ay kailangan mong magparehistro sa TRIP service, na pinapatakbo ng International Tours & Travel (ITT) sa ngalan ng FIG.

Ikaw ay karapat-dapat na magparehistro kung ikaw ay residente ng Falkland Islands sa mga panahong ipapatakbo ang scheme mula ika-1 ng Oktubre 2020 hanggang 31 Mayo 2021.

Makukuha ang registration form sa website na www.falklandislands.travel o maaari kang makakuha ng kopya nito sa pagbisita sa ITT sa kanilang opisina sa 1 Dean Street (oras ng opisina

ay 09:00 hanggang 17:00, mula Lunes hanggang Biyernes). Ang nakumpletong form ay dapat ipadala sa trip.itt@horizon.co.fk, o ipadala sa pamamagitan ng sulat o ibigay ng direkta sa ITT.

Maaaring magpasa ng isang form sa pagpaparehistro sa lahat ng karapat-dapat na mga indibidwal sa iisang tirahan.

Sa pagpaparehistro sa isang bata, kailangan ilagay ang pangalan ng (mga) magulang o (mga) tagapangalaga – ng hanggang sa dalawa – na magsilbing mga awtorisadong tao para magsagawa ng bookings at para mabawi ang mga nagastos sa ngalan ng bata.

Ikukumpirma ang rehistro sa pamamagitan ng email, o sa pamamagitan ng sulat kung ikaw ay walang email address.

Magbigay ng palugit na hanggang dalawang (2) lingo para makumpirma ang pagpaparehistro, at para magbigay ng sapat na panahon upang ito ay maproseso at masuri ng FIG kung ito ay karapat-dapat.

Ang iyong *digital voucher*

Ang bawat tao na may sapat na gulang ay karapat-dapat sa isang *digital voucher* na may halagang £500. Dito:

- Ang £400 ay maaaring gastusin sa isang rehistradong akomodasyon o sa isang karanasan o *experience* na ibinigay ng *tourist operator*. Ang voucher ay sasagot sa isang daang porsiyento (100%) ng gastos na hanggang sa hangganan ng halaga ng voucher.
- Ang £100 ay maaaring gamitin sa pagkain, mga inuming walang alkohol, at mga regalo sa isang rehistradong café, restaurant (kasama ang mga pubs) o sa mga gift shop. Ang voucher ay sasagot sa singkwenta porsiyento (50%) ng gastos na hanggang sa hangganan ng halaga ng voucher, halimbawa, ang isang pagkain ay ngkakahalaga ng £25 na magresulta sa paggamit ng £12.50 sa pamamagitan ng digital voucher.

Ang bawat bata na may edad na lampas sa dalawa (2) at hindi lalampas edad na labing-anim (16) ay mabibigyan ng *digital voucher* na may halagang £250. Dito:

- Ang £200 ay maaaring gastusin sa isang rehistradong akomodasyon o sa isang karanasan o *experience* na ibinigay ng *tourist operator*. Ang voucher ay sasagot sa isang daang porsiyento (100%) ng gastos na hanggang sa hangganan ng halaga ng voucher.
- Ang £50 ay maaaring gamitin sa pagkain, mga inuming walang alkohol, at mga regalo sa isang rehistradong café, restaurant (kasama ang mga pubs) o sa mga gift shop. Ang voucher ay sasagot sa singkwenta porsiyento (50%) ng gastos na hanggang sa hangganan ng halaga ng voucher, halimbawa, ang isang pagkain ay ngkakahalaga ng £25 na magresulta sa paggamit ng £12.50 sa pamamagitan ng digital voucher.

Ang isang nakababatang indibidwal na ang ika-16 taon na kaarawan ay nasa gitna ng mga petsang ika-1 October 2020 at ika-31 Mayo 2021 ay karapat-dapat sa isang buong voucher na may halagang £500 para sa *adults*.

Ang isang nakababatang indibidwal na ang ika-2 taon na kaarawan ay nasa gitna ng mga petsang ika-1 October 2020 at ika-31 Mayo 2021 ay karapat-dapat sa isang buong voucher na may halagang £250 para sa mga bata.

Ang digital voucher ay hahawakan ng ITT sa ngalan ng bawat isang tagatanggap ng voucher.

Patatakbuhan ang voucher sa pamamagitan ng pagbabawas ng balanse, at ang karagdagang mga bookings o mga gastusin ay maaring gawin hanggang sa maubos ang balanse sa voucher. Pakiusap, magtago ng record ng iyong balanse, ngunit kung kailangan mong tingnan ang balanse, makipag-ugnayan sa ITT.

Ang mga vouchers ay hindi maaaring mailipat o mapatagal; ang mga vouchers ay mag-eexpire sa ika-31 ng Mayo 2021.

Pakitandaan na ang mga restaurants (kasama ang mga pubs), cafés, at mga gift shops ay maaaring limitahan ang mga pagkakataon na kung saan maaari silang tumanggap ng bookings o may bayad mula sa *voucher scheme* halimbawa, sa mga piling araw lamang sa isang linggo.

Pagsasagawa ng booking para sa mga akomodasyon o mga karanasang panturismo

Oras na makumpirma ang iyong rehistro sa scheme, ikaw ay maaari nang gumawa ng mga bookings gamit ang *digital voucher*.

Dapat isagawa ang mga bookings sa pamamagitan ng mga ahente ng scheme, ITT, na maaaring matawagan sa:

| | |
|--------------------|-------------------------------|
| Numero ng Telepono | 22041 |
| Sa email | trip.itt@horizon.co.fk |
| O mismo sa | 1 Dean Street, Stanley |

Ang mga bookings sa pamamagitan ng TRIP ay maaari lamang gawin ng isang beses ng bawat isang kustomer at ng negosyo na naka rehistro sa scheme.

Ang mga detalye ng mga rehistradong mga negosyo ay makikita sa www.falklandislands.travel

Biyahe sa FIGAS at Concordia Bay

Ang bawat taong may hawak na voucher ay may karapatan sa isang balikang biyahe sa FIGAS o sa Concordia Bay, sa buong kurso ng panahon ng turismo, na tutulong sa singkwenta (50%) porsyento ng kasalukuyang pamasahe para sa mga residente. Ang nasabing biyaeh ay dapat na may kinalaman sa kumpirmadong booking (gamit ang voucher) sa isang rehistradong akomodasyon o tagapagbigay ng karanasan o *experience provider*. Walang diskwento na makukuha para sa *flightseeing tours* mula sa FIGAS.

Magagawa ng ITT ang mga booking sa FIGAS at Concordia Bay ng sabay sa booking ng akomodasyon o karanasang panturismo.

Limitado ang diskwento sa isang balikang biyahe sa tamang pasahe – kahit na ito ay *adult*, bata, isla, o OAP (at sa ferry – meron o walang sasakyan). Kung may maramihang destinasyon nan aka book, ang diskwento ay limitado lamang sa sikwenta (50%) porsyento ng gastos ng isang balikang biyahe sa halip na sinkwenta (50%) porsyento ng kabuuang gastos ng buong booking.

Reimbursement para sa mga bookings na naisagawa bago ang ika-19 ng Oktubre

Kung ikaw ay nakapag-book bago ang ika-19 ng Oktubre (o bago mo natanggap ang kumpirmasyon ng iyong rehistro sa TRIP) sa isang rehistradong akomodasyon o *experience provider*, para sa isang *stay* o karanasan na pasok sa petsa mula ika-1 ng Oktubre 2020 hanggang ika-31 ng Mayo 2021, kailangan mo pa ring bayaran ang booking, at pagkatapos ay bawiin ang mga nagastos mula sa halaga ng iyong digital voucher.

Para magsagawa ng reimbursement, kailangan mong magparehistro sa TRIP (tingnan sa itaas), at ipadala ang mga resibo sa ITT (tingnan sa ibaba), at ipadala ang mga mahahalagang resibo sa ITT (tingnan sa ibaba), na magsasaayos ng iyong reimbursement patungo sa inyong bank account sa Standard Chartered Bank.

Ang mga bookings gamit ang voucher, na naipasok pagkatapos ng iyong pagpapareshitro sa TRIP, ay dapat gawin sa pamamagitan ng ITT.

Magbigay ng palugit na hanggang isang buwan para sa mga reimbursements na maipasok sa iyong bank account.

Reimbursement para sa mga nagastos sa mga restaurants, cafes, at gift shops

Kailangan mong bayaran ang buong halaga sa negosyo, at pagkatapos ay bawiin ang sinkwenta (50%) porsyento ng buong gastos, at ibigay ang mga mahahalagang resibo sa ITT.

Isasaayos ng ITT ang reimbursement sa iyong bank account sa Standard Chartered Bank.

Kailangan mong magbigay ng resibo na may petsa na nakalagay ang iyong pangalan at maikling paglalarawan ng mga nabiling kalakal (pagkain, mga inumin na walang alak, at mga regalo).

Ang isang resibo nan ai[asa para sa isang pagkain (at inumin na walang alak) para sa bilang ng mga taong may voucher na kumain ng sabay, sa kundisyon na ang pangalan ng mga taong may voucher ay nakasulat sa resibo. Ang kabuuang gatsos ay hahatiin ng patas sa mga tao, at ang kalahati ng presyo ng isang *adult* (halibawa, ang claim para sa pagkain ng dalawang *adults* at isang bata ay hahatiin bilang £10 para sa bawat voucher ng isang adult at £5 naman para sa voucher ng bata).

Ang bawat claim ay dapat na may kasamang resibo na may kabuuang £25 (halimbawa:, upang makatanggap ng sinkwenta (50%) porsyentong reimbursement na £12.50). Ito ay para mabawasan ang *administrative costs* na maaaring makuha sa pagsasaayos ng maramihang dami ng *small claims*.

Ang mga resibo ay maaaring:

- Ilagay sa isang sobre at ipadala sa ITT, 1 Dean Street, Stanley
- Ilagay sa isang sobre at i-abot sa ITT, 1 Dean Street, Stanley
- I-scan at ipadala sa email sa trip.itt@horizon.co.fk

Ang mga nilalaman ng sobre o ng email ay dapat na may kasamang pangalan at numero ng telepono ng taong humihingi ng reimbursement. Paki-check kung ang bawat resibo ay may petsa, dami o bilang ng nagastos, at pangalan ng negosyo.

Magbigay ng palugit na hanggang isang buwan para sa mga reimbursements na maipasok sa iyong bank account.

Cancellation policy para sa mga akomodasyon at karanasang panturismo

May isang pangkaraniwang *cancellation policy* para sa akomodasyon at karanasang panturismo na nai-book gamit ang TRIP voucher. Ito ay magbibigay ng kalinawan sa parehong indibidwal at mga negosyo, at magbibigay ito ng derecho at mabilis na pagpapatakbo ng scheme.

Inilimbag ng FIG ang *cancellation policy* sa www.fig.gov.fk/covid-19/

Ang kahit anong *cancellation fee* na siningil ng negosyong panturismo, na nakpaloob sa mga tuntunin ng pangkaraniwang *cancellation policy*, ay ibabawas sa halaga ng iyong voucher.

Ang pangkaraniwang *cancellation policy* ay hindi sumasaklaw sa mga bookings na direktang ginawa ng mga indibidwal bago sila nagparehistro sa TRIP. Sa pagkakataong ito, ikaw ay responsable sa pagbabayad sa negosyong panturismo, at ang sariling *cancellation policy* ng negosyo ang mananaig.

MGA KARAGDAGANG IMPORMASYON PARA SA MGA NEGOSYONG

PANTURISMO

Pagpaparehistro

Ang mga negosyong panturismo ay kailangang magparehistro sa TRIP. Ang ITT ang tatawag sa mga karapat-dapat na mga negosyo na nagpakita ng interes sa FITB na kumumpleto ng proseso sa pagpaparehistro para sa TRIP, na may kasamang pagkuha ng mga mahahalagang impormasyon na gagamitin ng ITT para isaayos ang mga bookings, at ang rehistro ay kukumpirmahin pagkatapos matanggap ang impormasyon na ito.

Ang intensyon ay, ang mga negosyong panturismo na nakalista sa website ng FITB, na nagpapatakbo ng negosyo sa panahon ng 2019/20 at napapaloob sa TRIP scheme, ay magigiing kararapt-dapat na magpa-rehistro sa TRIP. Ang kahit anong negosyo na hindi pa nakalista sa FITB ay kailangang mag-apply sa FITB at magpakita na sila ay pasok sa mga nailimbag na mga pamantayan. Ang mga application ay dapat ibigay kay Steph Middleton sa FITB (steph@falklandislands.com)

Ang mga pamantayan para sa mga karapat-dapat na negosyong panturismo at makikita sa

Ang mga impormasyon na kailangan ng ITT para sa mga akomodasyon at mga tagapagbigay ng *tourism experience* ay dapat na may kasamang presyo ng taripa; kumpirmasyon na ang negosyo ay susunod sa pangkaraniwang *cancellation policy* para sa mga booking gamit ang TRIP; at kumpirmasyon na isasama nila ang mga kinakailangang mga impormasyon sa mga resibo, kung ang mga kustomer ay nais gumamit ng kanilang TRIP voucher. Para sa mga cafés, restaurants, at mg agift shops, kailangan malaman ng ITT kung ikaw ay magtatalaga ng mga hangganan sa paggamit ng mga voucher (halimbawa: mga araw sa isang lingo)

The information required by ITT for accommodation and tourism experience providers will include pricing tariffs; confirmation that the business will apply the common cancellation policy for bookings made using TRIP; and confirmation that they will include the required information on receipts provided to customers wishing to use the TRIP voucher. For cafes, restaurants and gift shops, ITT will need to know whether you intend to places any limits on the use of the voucher (eg. days of the week).

Ang mga presyo para sa akomodasyon at *tourist experiences* ay dapat naka-set lamang sa presyo na sinisingil noong panahon ng 2019/20 (halimbawa, ang pagtaas ng presyo ay hindi dapat hihigit sa limang (5%) porsyento, maliban na lamang ang mga pagbabago sa probisyon ng serbisyo ay makatwiran.

Ang mga booking na isinagawa ng ITT ay dapat na naka-invoice sa ITT. Ang mga booking na isinagawa ng mga indibdwal na kustomer (halimbawa, mga booking na ginawa bago ang ika-19 ng Oktubre o bago nakatanggap ang kustomer ng kumpirmasyon na siya ay narehistro sa TRIP) ay dapat na naka-bill sa kustomer (na siyang magsasagawa ng paghingi ng refund kung nanaisin niya).

Ang mga claim para sa reimbursement para sa mga nagastos sa restaurant (kasama ang mga pub), cafés, at mga gift shops ay maaari lamang na maproseso kung ang nasabing negosyo ay naka-rehistro.

Mga Booking

Ang mga booking para sa akomodasyon at *tourism experiences* ay isasagawa ng mga kustomer sa pamamagitan ng ITT. Kung saan ang mga kustomer ay maaaring makipagugnayan ng direkta sa mga negosyo, magiging posible para sa kanila na gumawa ng probisyunal na booking, ngunit ang mga negosyo ay kailangang mag-abiso sa kustomer na kailangan nilang kumpirmahin ang booking sa pamamagitan ng ITT.

Ang mga bayad

Ang mga bayad para sa mga halaga mula sa TRIP *digital vouchers* ay gagawin ng ITT para sa mga karapat-dapat na negosyo, kasunod ng kumpirmasyon mula sa negosyo na naisagawa na ang booking. Ang bayad ay gagawin ng ITT sa loob ng labing apat (14) na araw mula sa pagkakatanggap ng invoice.

Ang negsoyong panturismo ay kailangang maningil ng direkta mula sa mga kustomer sa kahit anong halagang hindi saklaw ng voucher, halimbawa, dahil sa ang halaga ay lumampas na sa balanse ng

voucher, o dahil hindi angkop ang nagastos tulad ng alkohol.

Para sa mga booking na naisagawa bago ang ika-19 ng Oktubre o bago nagparehistro ang kustomer sa TRIP, ang mga invoices ay ipapadala sa kustomer, na magbabayad ng direkta sa negosyo at magsasagawa ng claim para sa reimbursement mula sa ITT.